**Panlingguhang Layunin**

**Pag-unawa sa Napakinggan**
Naibibigay ang paksa ng napakinggang kuwento/usapan. F5PN-IIIf-17

**Wikang Binibigkas**
Naisasalaysay muli ang napakinggang teksto. F5PS-IIIf-h-6.6

**Gramatika**
Nagagamit nang wasto ang pang-angkop sa pakikipagtalastasan. F5WG-IIIf-g-10

**Pag-unlad ng Talasalitaan**
Nabibigyang kahulugan ang salitang hiram. F5PT-IIIf-4.2

**Pag-unawa sa Binasa**
Nasusuri kung ang pahayag ay opinyon o katotohanan. F5PB-III-h-19

**Estratehiya sa Pag-aaral**
Nagagamit nang wasto ang card catalog OPAC. F5EP-IIIf-9.1

**Pagsulat**
Naiguguhit ang paksa ng binasang teksto/tula. F5PU-IIIf-i-3

**Unang Araw**

**Layunin**
Naibibigay ang paksa ng napakinggang kuwento/usapan.
Naiguguhit ang paksa ng binasang teksto/tula.

**A. Paksang Aralin**
Pagbibigay ng Paksa ng Napakinggang Kuwento/Usapan.
Pagguhit ang Paksa ng Binasang Teksto/Tula.

**B. Sanggunian**
Hiyas sa Wika at Pagbasa-Manwal ng Guro ph. 50-52
K to 12 BEC Guide F5PN-IIIf-17, F5PU-IIIf-i-3

**C. Mga Kagamitan**
Aklat, sipi ng maikling kwento

**Pamamaraan**

**1. Pagsasanay**
Pagbasa ng mga pangungusap na nakasulat sa metacards.

**2. Balik-Aral**

Magkaroon ng balik-aral sa pagsasalaysay ng buod ng kuwentong narinig.

Magparinig ng maikling kwento. Pagkatapos, ipasalaysay ang buod nito. Ipabigay rin ang paksa nito.

**3. Mga Gawain**

**a. Pagganyak**

Ibigay ang maaring pamagat ng mga salita na nasa ibaba.

| **A.** |
| --- |
| Jose Rizal<br>Andres Bonifacio<br>Marcelo H. Del Pilar<br>Apolinario Mabini |

**b. Paglalahad**

Basahin sa klase ang maikling kuwento na nasa ibaba. Sabihing pakinggang mabuti ang babasahing kuwento. Pagkatapos ay ibibigay nila o sasabihin nila ang paksa ng kuwentong napakinggan.

Sadyang natatangi ang buwan ng Agosto. Maraming mahahalagang pangyayari ang naganap sa naturang buwan. Ang Buwan ng Wikang Pambansa ay ipinagdiriwang taon-taon sa buong simula nang Agosto 1998. Tinatawag na ito ngayong “Buwan ng Wikang Pambansa.” Gayundin ang Unang Sigaw ng Balintawak na ginanap noong Agosto 26, 1896 sa pamumuno ni Andres Bonifacio. Pinakahuli at makasaysayan sa lahat ay ang huling linggo ng Agosto. Sa araw na ito, ipinagdiriwang natin ang araw ng Pambansang Bayani sa bisa ng Batas Republika 3827 na pinagtibay noong Oktubre 28, 1931. Buhat noon ay itinuring na itong pista opisyal sa buong bansa.

Itanong: Alin ang paksa ng sanaysay?

1. Buwan ng Wika
2. Unang Sigaw ng Balintawak
3. Araw ng mga Bayani

**c. Pagtatalakay**

Itanong kung bakit “Araw ng mga Bayani” ang napiling paksa ng sanaysay na narinig.

Sabihin na inilalahad ang paksa ng isang talata sa pamaksang pangungusap. Ang iba pang pangungusap sa talata ay pawang nagpapatunay o tumutukoy sa pamaksang pangungusap upang higit na malinaw ang pangunahing diwa ng talata. Maaaring nasa unahan, gitna o hulihang bahagi ng talataan ang paksang pangungusap o paksa. Kung sa sanaysay o sa kwento, maaari itong matagpuan sa una, ikalawa o ikatlong talata.

Sabihing mag-usap sila ng kanyang katabi at alamin kung nasa anong bahagi ng sanaysay ang paksa ng aralin.

**d. Pagpapayamang Gawain**

Basahin ang talatang sumusunod. Ibigay ang pangunahing diwa nito.

Ang damo ay peste at kaaway ng halaman, kaya dapat patayin. Ito'y nagpapaliit sa inaani ng isang bukirin at nagsisilbi pang tirahan ng mga insekto at pesteng namiminsala ng mga halaman. Pinabababa rin nito ang uri ng produktong inaani. Ang damo ay bumabara, nakasasagabal sa takbo ng tubig sa mga kanal at padaluyan

**e. Paglalahat**

Anu-ano ang dapat gawin upang mabigay ang paksa ng kwentong inyong napakinggan?

**f. Paglalapat**

Pangkatang Gawain.

**Pangkat A.** Basahin sa klase ang sanaysay na nasa ibaba. Ipasabi ang paksa nito at kung saang bahagi ng sanaysay natagpuan: sa unahan, sa ikalawa, o s ikatlong talata.

Kailan nga ba maituturing na pambansang bayani ang isang dakilang Pilipino? Bilang tugon sa tanong, bumanggit tayo ng ilang magigiting na Pilipinong naging bahagi ng pambansang kasaysayan. Unahin natin si Dr. Jose Rizal na mula sa pagkabata ay nag-ukol na nga marubdob na pag-ibig sa bayan.

Maihahanay din sa mga pambansang bayani sina Tandang Sora, Emilio Jacinto at Jose Abad Santos. Hindi pinansin ni Tandang Sora ang panganib sa kaniyang buhay; bagkus patuloy siyang tumulong sa mga katipunero. Sa kabila ng kabataan ni Emilio Jacinto, hindi siya nagdalawang isip ng pagsapi sa Katipunan. Bago barilin ng mga Hapones si Jose Abad Santos, sinabi niya sa kanyang anak na “Huwag kang lumuha, Anak, Hindi lahat ng tao ay nagkakaroon ng pagkakataong mamatay dahil sa bayan.

**Pangkat B.** Makinig sa kwento at piliin ang tamang paksa nito. Bilugan ang titik ng tamang sagot.

Masipag at matipid si Lisa. Kumikita siva sa pagtitinda ng mga rosas at sampagita. Araw-araw, naghuhulog siva ng dalawang piso sa kanyang alkansiya. Biglang nagkasakit ang nanay niya. Nagkataon wala itong pera. Sa pamamagitan ng naimpok ni Lisa, nabili niya ang gamot ng kanyang nanay.

a. Pag may itinanim may aanihin.
b. Ang gawang marangal at dakila, hindi dapat ikahiya.
c. Pag may sinuksok, may madudukot

**Pangkat C.** Iguhit ang paksa ng binasang kwento ng pangkat A.

**Pangkat D.** Iguhit ang paksa ng binasang kwento ng pangkat B.

**Pagtataya**

Ipabasa nang pahapyaw ang kuwentong Ang Bantayog ni Rizal sa Dapitan" Ipatukoy nang sunud-sunod ang mga pangunahing diwang bumubuo sa kuwento.

______ Kumilos agad si Rizal at tumuklas ng makina na nakagagawa ng 6,000 largo sa isang araw.

______ Nang itapon ng pamahalaan si Dr. Jose Rizal sa Dapitan, napansin niyang pinakukuluan pa ng taong- bayan ang tubig na iinumin.

______ Nagsiyasat siya at napag-alaman na may isang bukal sa may kalapit bundok.

______ Nakatulong nya sa paggawa ang mga taong bayan at nang matapos, ang daluyan ng tubig ay binubo ng mga tisa o laryo na nilagyan ng takip sa ibabaw.

______ Dahil sa sikap at talino ni Rizal, nakagawa siya ng mapagkukunan ng malinis na tubig na hindi na kailangang pakuluan.

______ Nagpatayo si Rizal ng fountain na may ulo at tinawag itong " Fuente de Nuestra Senora del Carmen".

**Takdang Aralin**

Humanap ng isang kuwento. Babasahin ito sa klase at ibibigay ng mga nakikinig ang paksa ng kuwentong napakinggan.

**Ikalawang Araw**

**Layunin**

Naisasalaysay muli ang napakinggang teksto.
Nagagamit nang wasto ang pang-angkop sa pakikipagtalastasan.

**A. Paksang Aralin**

Pagsasalaysay Muli ang Napakinggang Teksto
Paggamit nang Wasto ng Pang-angkop sa Pakikipagtalastasan

**B. Sanggunian**

K to 12 BEC Guide F5PS-IIIf-h-6.6, F5WG-IIIf-g-10
Hiyas sa Wika ph. 164
Hiyas sa Wika at Pagbasa Manwal ng Guro ph. 86

**C. Mga Kagamitan**

Batayang aklat, mga ginamit na talata sa pahayagan

**Pamamaraan**

**1. Pagsasanay**

Pagbabaybay ng mga salita.

**2. Balik-Aral**

Magkaroon ng balik-aral sa uri ng pang-abay. Pagbigayin ang ilang bata ng halimbawa ng pang-abay na pamanahon, panlunan at pamaraan.

**3. Mga Gawain**

**a. Pagganyak**

Tatawag ng dalawang mag-aaral at isasadula ang usapan sa loob ng kahon sa Aklat sa Wika ph. 164.

Ipabasa ang pariralang nasa plaskard.

**b. Paglalahad**

Basahin nang malakas ang kuwento. Bago mo isagawa ang pagbabasa, sabihin sa mga mag-aaral na sundan ng kanilang mata ang binabasa at unawain ang isinasaad nito. Pagkatapos ng pagbabasa, patnubayan ang mga mag-aaral sa pagsagot sa mga tanong na nasa bahaging Talakayin.

**c. Pagtatalakay**

Talakayin ang Alamin at Tandaan. Patnubayan ang mga mag-aaral sa pakikipagtalakayan.

**d. Pagpapayamang Gawain**

**Gawain 1:** Pangkatin sa tatlo ang mga bata:

**Pangkat I:** Basahin ang alamat. Tukuyin ang pang-angkop na ginamit na binasa.

**Pangkat II:** Isulat ang guhit – banghay ang mga ginamit na pang-angkop at pang-angkop sa alamat at gamitin sa pangungusap.

**Pangkat III:** Isalaysay ang pangyayari sa alamat ayon sa wastong pagkakasunud-sunod.

**e. Paglalahat**

Kailan ginagamit ang pang-angkop na na? at –ng?

**f. Paglalapat**

Pagbasa ng maikling kuwento ng "Naiinip si Aling Cristina". Lagyan ng bilang 1-5 ang mga patlang ayon sa inaasahang pagkakasunud-sunod ng mga pangyayari.

______ Binigyan ng pera ng magkapatid ang dalawang batang nagugutom.
______ Naawa ang magkapatid na Ronnie at Miriam sa mga batao
______ Nakita nina R.onnie at Miriam nang bulyawan ng may-ari ng panaderya ang dalawang batang payat.
______ May dalawang batang titingin-tingin sa mga tinapay na nakadisplay sa panaderya.
______ Inip na inip si Aling Cristina dahil hindi pa dumarting ang kanyang dalawang anak na sina Miriam at Ronnie.

**Pagtataya**

Lagyan ng wastong pang-angkop ang patlang sa pangungusap.

Ang klorina na isa _____ kemikal _______ ipinanlilinis ng inumin _______ tubig at mahalaga ______ pataba ________pagkain ng mga niyog na makapagpapabuti ng laki ng ani at pingangalagaan ang mga dahon ng niyog sa impeksyon at pinatitibay din ang halaman ____

ito laban sa tagtuyot.

**Takdang Aralin**

Gamitin sa sariling pangungusap ang mga salitang pinag-uugnay.

1. bansang Pilipinas
2. maunlad na mamamayan
3. magagandang lugar
4.pabago-bagong klima
5. tahimik na bayan

**Ikatlong Araw**

**Layunin**

Nabibigyang kahulugan ang salitang hiram.

**A. Paksang Aralin**

Pagbibigay Kahulugan ng Sariling Hiram

**B. Sanggunian**

Pagdiriwang ng Wikang Filipino-Pagbasa ph. 156-162
Pagdiriwang ng Wikang Filipino Gabay sa Pagtuturo ph. 179-181
F5PT-IIIf-4.2

**C. Mga Kagamitan**

Talaan ng salitang hiram, metacards

**Pamamaraan**

**1. Pagsasanay**

Ipabasa ang mga salitang hiram na nakatala  sa talaan ng salitang hiram.

| | |
|---|---|
| basketball | pizza |
| despedida | sausage |
| shorts | computer |
| spaghetti | coach |
| escalator | flashlight |

**2. Balik-Aral**

Ang guro ay magbibigay ng pangungusap na nakasulat sa metacard. Babasahin ito ng mga mag-aaral at tutukuyin kung alin ang salitang hiram.

*Hal. Ang paborito kong pagkain ay ice cream.*

**3. Mga Gawain**

**a. Pagganyak**

Ano ang napansin ninyong mga pagbabago sa panahon ngayon? Sa palagay ninyo, ano pang mga pagbabago ang maaring mangyari sa darating na panahon?

**b. Paglalahad**

Linangin ang kahulugan ng mga salita na nasa TALASALITAAN sa pamamagitan ng pagsagot sa bilang 1-9.

Ilahad ang pamagat ng kwento. Sabihin: Sa araw na ito'y maglalakbay tayo sa taong 2003 at marami tayong mga pagbabagong makikita. Ang pamagat ng ating kwento ay**: Edukasyon sa Hinaharap.**

Itakda ang pamantayan sa pagbasa.

Ipabasa ang kwento.

**c. Pagtatalakay**

Pagsagot sa tanong-pangganyak at ang mga tanong sa SAGUTIN NATIN, ph. 156.

Talakayin ang wastong gamit ng mga hiram sa salita at hayaang magbigay ang mga bata ng iba pang halimbawa.

**d. Pagpapayamang Gawain**

Hanapin sa Hanay B ang hiram na salitang tinutukoy sa Hanay A. Isulat sa sagutang papel ang titik ng tamang sagot.

Hanay A

______ 1. makabagong kagamitan sa pagpaparami ng sipi ng mga papeles at dokumento

______ 2. nakatutulong upang makita ang mga bagay na nasa malayo tulad ng nasa kalawakan

______ 3. atsara ng mga Koreano

______ 4. mahalaga upang makaakyat-panaog sa matataas na palapag ng mga gusali nang walang pagod

______ 5. isang makabagong computer na nagbibigay ng anumang kaalamang hinihingi natin sa isang pindot lamang

Hanay B

a. internet
b. xerox
c. elevator
d. kimchi
e. telescope
f. shawarma

**e. Paglalahat**

Ano ang ibig sabihin ng salitang hiram? Paano ninyo ito mabibigyan ng kahulugan?

**f. Paglalapat**

Pangkatang Gawain

Kopyahin ang talata sa ibaba. Habang kinokopya, salungguhitan ang mga salitang hiram at ibigay ang katumbas nito sa wikang bernakular kung meron.

Dumating si Daddy, kasama ang pinsan kong si Nely. Nagpunta kami sa Luneta. Sumakay kami sa LRT patungo roon. Ipinasyal kami ni Daddy sa Manila Zoo. Pagkatapos, kuma in kami sa restauran. Kumain kami ng Pizza Pie at Spaghetti at uminom kami ng orange juice.

Salungguhitan sa bawat pangungusap ang mga salitang hiram. Magkaroon ng paligsahan sa pagbibigay ng katumbas nito sa wikang bernakular kung meron. Ang pinakamaraming masagot ay siyang panalo.

1. Ang kotse ni Don Santiago ay laging nagdaraan sa Roxas Boulevard.
2. Nagpunta ang nanay ko sa beauty parlor.
3. Manonood kami ng festival sa Linggo.
4. Nagbaon kami ng siopao sa sine.
5. Bumili si Angelito ng t-shirt

**Pagtataya**

Basahin ang bawat pangungusap at piliin ang titik ng tamang kahulugan ng mga salitang hiram na may salungguhit.

1. Bumili ang tatay ng bagong <u>refrigerator.</u>
   a. imbakan ng pagkain
   b. imbakan ng palay
   c. imbakan ng basura
   d. imbakan ng tubig

2. Pinagbawalan si Letty na magsuot ng slacks sa loob ng paaralan
   a. palda
   b. blusa
   c. saya
   d. pantalon

3. Hilig ni Elvie ang makinig sa mga awitin sa compact disc.
   a. radio
   b. TV
   c. plakang maliit
   d. lalagyan

4. Maari bang matikman ang ginawa mong kimchi?
   a. minatamis na atsara
   b. prutas
   c. atsara ng mga Koreano
   d. atsara ng mga Hapon

5. Ginamit nila ang generator nang biglang magbrown-out.
   a. pinagkukunan ng tubig
   b. pinagkukunan ng kuryente

c. imbakan ng pagkain
d. pinagkukunan ng dugo

**Takdang Aralin**

Sumulat ng limang hiram na salita. Gamitin ang bawat isa sa pangungusap.

**Ikaapat na Araw**

**Layunin**

Nasusuri kung ang pahayag ay opinyon o katotohanan.

**A. Paksang Aralin**

Pagsusuri ng Pahayag kung ito ay Opinyon o Katotohanan
"Ang Buhay ni Labaw Donggon"

**B. Sanggunian**

Yaman ng Lahing Kayumanggi ph. 146
Hiyas sa Pagbasa ph. 168-173
Hiyas sa Wika at Pagbasa, Manwal ng Guro ph. 79-81
F5PB-III-h-19

**C. Mga Kagamitan**

Aklat, sipi ng kuwento

**Pamamaraan**

**1. Pagsasanay**

Ang mga mag-aaral ay tatanungin tungkol sa kanilang mga kuro-kuro sa bagong halal na presidente ng Pilipinas?

**2. Balik-Aral**

Magkaroon ng pagbabalik-aral tungkol sa kahulugan ng epiko.

Itanong: Ano ang inyong natatandaan tungkol sa epiko? Paano natin ito binabasa?

**3. Mga Gawain**

**a. Pagganyak**

Sabihin: Mga bata, paano ninyo maipapakita ang inyong pagmamahal sa inyong magulang?

**b. Paglalahad**

Ilahad ang pamagat ng kwento.

Sabihin: Sa araw na ito'y babasahin ninyo ang epiko tungkol sa buhay ni Labaw Donggon. Ang pamagat ng ating dula ay Ang Buhay ni Labaw Donggon.

Isa-isahin ang mga pamantayan sa pagbasa nang tahimik. Ipabasa nang tahimik ang dula.

Ipasagot ang nabuong tanong-pagganyak at ang mga tanong sa UNAWAIN AT SAGUTIN sa pahina 172.

**c. Pagtatalakay**

Talakayin at bigyang diin ang sumusunod:

Ang mga tauhan at kung saan naganap ang epiko at mga kaugalian na inihahatid ng Epikong Labaw Donggon.

Ipakilala din ang kahulugan ng Katotohanan at Opinyon.

Sagutan ang Gawain A, ph. 172-173 sa Hiyas sa Pagbasa. Suriin ang bawat pangungusap na halaw sa epiko kung katotohanan o opinion.

**d. Pagpapayamang Gawain**

Basahin ang kuwento ni Lolo Jose at sagutin ang kasunod na pagsasanay.

**e. Paglalahat**

Paano ninyo masusuri ang isang pangungusap upang malaman kung ito ay katotohanan o opinyon?

**f. Paglalapat**

Ang klase ay hahatiin sa apat na pangkat. Ang bawat pangkat ay bibigyan ng envelope na may artikulo at tsart ng katotohanan o opinyon at pentel pen. Tahimik na babasahin ang artikulo at pagkatapos ay itatala ang mga pangungusap na nagsasaad ng katotohanan at opinyon sa tapat ng kolum nito. (MISOSA)

Iuulat ng bawat pangkat ang kanilang awtput sa klase.

**Pagtataya**

Suriin ang mga pangungusap sa talata. Salungguhitan nang minsan ang mga pangungusap na nagsasaad ng katotohanan at dalawang ulit ang nagpapahayag ng opinion. (Filipino, Yaman ng Lahing Kayumanggi ph. 146)

Panuto: Isulat sa patlang ang K kung ang pangungusap ay katotohanan at 0 kung ito'y opinyon.

__ 1. Tila mali ang mangutang ng pera upang ipaghanda sa panauhin.
__ 2. Ang taon ay binubuo ng 12 buwan.
__ 3. Marahil, kung maging matalino tayo sa paggasta ng pera, hindi tayo siguro maghihirap.
__ 4. Ang unang araw ng taon ay ika-1 ng Enero.
__ 5. apat tayong magsaya sa tuwing sasapit ang Bagong Taon.

**Takdang Aralin**

Bumasa ng balita at isulat sa tsart ang bilang ng mga pangungusap na katotohanan at opinion sa angkop na kolum.

**Ikalimang Araw**

**Layunin**

Nagagamit nang wasto ang card catalog OPAC.

**A. Paksang Aralin**

Paggamit nang wasto ang card catalog OPAC.

**B. Sanggunian**

F5EP-IIIf-9.1

**C. Mga Kagamitan**

Card catalog OPAC

**Pamamaraan**

**1. Pagsasanay**


Pagbabaybay ng mga salita na sasabihin ng guro.

**2. Balik-Aral**

Balik aral tungkol sa pahayag na katotohanan at opinyon.

**3. Mga Gawain**

**a. Pagganyak**



Ano ang makikita ninyo sa larawan? Ano ang pinakamadaling paraan upang makuha mo agad ang libro na nais mong basahin sa silid-aklatan?

**b. Paglalahad**

Ipakilala sa mga mag-aaral ang card catalog. Ipabasa ang Basahin Mo.

**c. Pagtatalakay**

Itanong: Ilan ang uri ng card catalog?

Ano ang pagkakaiba ng bawat isa? Pagkakatulad? Paano ito makatutulong sa iyong pananaliksik?

Ipakilala din sa mga mag-aaral ang OPAC o Online Public Access System.

Magpakita ng halimbawa at talakayin kung papaano ito ginagamit.

**d. Pagpapayamang Gawain**
Bumasa ng ilang card catalog. Pag-aralan at suriin ang nilalaman ng bawat uri.

**e. Paglalahat**
Ano ang dapat tandaan sa paggamit ng card catalog o OPAC sa pananaliksik?

**f. Paglalapat**
Pangkatang Gawain:
Ang bawat pangkat ay bibigyan ng libro at susubukan kung kaya na nila itong gawan ng card catalog.
Unang Grupo – Kard ng May-akda
Ikalawang Grupo – Kard ng Paksa
Ikatlong Grupo – Kard ng Pamagat

**Pagtataya**

Sabihin kung anong uri ng card catalog ang gagamitin sa paghanap ng mga sumusunod na paksa:

1. Asia Word
2. eleksyon
3. panitikang pambata
4. Light Rail Transit
5. Cavite

**Takdang Aralin**

Magsaliksik sa silid-aklatan ng mga pproyekto ng pamahalaan sa pagpapaunlad ng bayan. Gumamit ng card catalog. Isulat ang nilalaman ng napiling uri ng card catalog sa isang kapirasong papel at ipakita sa guro.